

Tanggapin ang resulta
ng iyong assessment

Maghintay na
mailaan ang mga
serbisyo

Humanap ng
Support at Home
na provider

**Pumasok sa isang
kasunduan sa
serbisyo**

Pamahalaan
ang iyong mga
serbisyo

Pagpasok sa isang kasunduan sa serbisyo ng Support at Home

Ano ang isang kasunduan sa serbisyo?

Ang iyong kasunduan sa serbisyo ng Support at Home ay isang legal na dokumento sa pagitan mo at ng iyong napiling provider ng Support at Home. Binabalangkas ng kasunduan sa serbisyo ang mga karapatan at responsibilidad at kung anong mga serbisyo ang ibibigay sa iyo.

Dapat kang pumasok sa isang kasunduan sa serbisyo sa iyong provider bago ka makatanggap ng mga serbisyo ng Support at Home.

Ihahanda ng iyong provider ang kasunduan na kasama ka. Dapat nitong itakda:

- kung aling mga serbisyo ang ihahatid
- kung paano ibibigay ang iyong mga serbisyo
- sino ang magbibigay ng bawat serbisyo
- magkano ang halaga ng bawat serbisyo
- ang iyong kasunduan na magbayad ng mga kontribusyon.

Kung ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga ay magbago sa paglipas ng panahon, ikaw at ang iyong provider ay maaaring suriin ang iyong kasunduan sa serbisyo. Maaari ka ring humingi ng mga pagbabago sa iyong kasunduan sa serbisyo anumang oras.

Dapat kang tulungan ng iyong provider na maunawaan ang iyong kasunduan sa serbisyo. Kabilang dito ang:

- mga detalye ng kasunduan
- kung paano kanselahin o muling iiskedyul ang mga serbisyo
- iskedyul ng pagpepresyo ng provider at napagkasunduang pagtaas ng presyo
- paano bayaran ang iyong mga kontribusyon (kung naaangkop)
- at kung paano gumawa ng reklamo.

Dapat ding isama ng iyong provider ang Code of Conduct for Aged Care at ang Statement of Rights.

Maaaring naisin mong humingi ng tulong mula sa:

- pamilya, kaibigan o tagapag-alaga.
- isang tagapagtataguyod, gaya ng **Older Persons Advocacy Network** (OPAN) sa pamamagitan ng pagtawag sa **1800 700 600** o pagbisita sa **OPAN.org.au**.
- isang abogado para sa independiyenteng legal na payo.

- Dapat makuha ng iyong provider ang iyong pahintulot at kasunduan bago magsimula o magbago ang mga serbisyo, presyo o kontribusyon. Ikaw at ang iyong provider ay dapat pumirma sa kasunduan sa serbisyo, at dapat kang bigyan ng kopya ng nilagdaang kasunduan sa serbisyo.

Ano ang quarterly budget?

Bibigyan ka ng halaga ng pagpopondo batay sa iyong klasipikasyon ng Support at Home. Kabilang dito ang mga klasipikasyon para sa mga patuloy na serbisyo at pag-apruba para sa mga short-term pathway. Para sa patuloy na pag-uuri, ang halaga ng pagpopondo ay hahatiin sa 4 na quarterly na badyet na ang bawat isa ay sumasaklaw sa 3 buwan.

Ang iyong tatlohang buwan (quarterly) na badyet ay binubuo ng:

- subsidy ng gobyerno (kung ano ang binabayaran ng Pamahalaang Australia)
- iyong kontribusyon (kung ano ang iyong binabayaran batay sa iyong kita at mga ari-arian).

Mayroon kang nakatakdang badyet para sa bawat quarter. 10% o \$1,000 lang ng iyong quarterly budget (alinman ang mas mataas) na hindi nagastos ang dadalhin sa susunod na quarter.

Makikipagtulungan ka sa iyong provider upang pamahalaan ang iyong badyet upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa aged care.

Pamamahala ng pangangalaga

Ang iyong provider ay maghahatid sa iyo ng mga serbisyo ng care management (pamamahala sa pangangalaga) minsan man lamang sa isang buwan. Tinitiyak ng care management na ang mga serbisyong natatanggap mo ay tumutugon sa iyong mga pangangailangan, layunin at kagustuhan.

Kung tumatanggap ka ng mga patuloy na serbisyo, 10% ay ibabawas mula sa iyong quarterly na badyet para sa care management. Ito ay ilalaan sa iyong provider upang maghatid ng mga serbisyo ng care management.

Kung tumatanggap ka ng mag serbisyo sa ilalim ng Restorative Care Pathway o End-of-Life Pathway, ang iyong panandalian badyet ay gagamitin para sa mga serbisyo ng care management.

Mga presyo

Dapat isama ng mga provider ang mga presyo para sa mga serbisyong ihahatid nila sa iyo sa iyong kasunduan sa serbisyo. Kung ang isang provider ay nagmumungkahi na singilin ka ng isang pagkakaiba sa presyo sa presyong na-publish nila sa My Aged Care o sa kanilang website, dapat kang sumang-ayon sa presyong ito at ang dahilan kung bakit naiiba ang presyo sa loob ng iyong kasunduan sa serbisyo.

Ang presyo para sa bawat serbisyong nakalista sa iyong kasunduan sa serbisyo ay dapat sumasalamain sa buong halaga ng paghahatid ng serbisyong iyon. Maaaring kabilang sa presyo ang:

- sahod ng inyong mga manggagawa sa aged care
- pangangasiwa at mga overhead
- transportasyon
- sub-contracting.

Hindi pinapayagan ang iyong provider na singilin ka nang hiwalay para sa pamamahala ng package o paglalakbay.

Dapat i-publish ng bawat provider ang kanilang pinakakaraniwang presyo para sa mga serbisyong inihahatid nila sa website ng My Aged Care. Maaari mong tingnan at ihambing ang impormasyon sa pagpepresyo gamit ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider**.

Naglagay ang gobyerno ng mga proteksyon para matiyak na makatwiran at transparent ang mga presyo ng Support at Home. Dagdagan ang pagkatuto sa **MyAgedCare.gov.au/Support-Home-Program**.

Mga kontribusyon ng kalahok

Magbabayad ka lamang ng mga kontribusyon sa mga serbisyong natatanggap mo.

Ganap na pondohan ng gobyerno ang klinikal na pangangalaga tulad ng nursing at physiotherapy. Hindi ka kailangang magbigay ng kontribusyon para sa mga serbisyong ito.

Ang iyong antas ng kontribusyon ay mag-iiba ayon sa uri ng serbisyong natanggap at ang iyong kita at mga ari-arian.

Ang Services Australia ay magsasagawa ng pagtatasa ng kita at asset, katulad ng age pension means test, upang matukoy ang iyong rate ng kontribusyon.

- Ang mga buong pensiyonado ay gagawa ng pinakamaliit na kontribusyon.
- Ang mga part-na pensiyonado at may hawak ng Commonwealth Seniors Health Card ay gagawa ng pinaliit na kontribusyon batay sa pagtatasa ng kanilang kita at mga ari-arian.
- Ang mga retirado na ganap na pinondohan sa sarili na hindi karapat-dapat para sa Commonwealth Seniors Health Card ay gagawa ng pinakamataas na kontribusyon.

Ang Services Australia o ang Department of Veterans' Affairs (DVA) ay maaaring mayroon na ng iyong mga detalye sa pananalapi kung kukuha ka ng kaugnay na bayad sa suporta sa kita mula sa alinman. Kailangan mong tiyakin na ang iyong mga detalye sa pananalapi ay napapanahon bago magsimula ang iyong mga serbisyo sa aged care.

Kung wala pa sa Services Australia ang iyong kasalukuyang mga detalye sa pananalapi (ibig sabihin, hindi pensiyonado), kakailanganin mong kumpletuhin ang assessment ng kita at mga ari-arian.

Kumpirmahin kung dapat mong kumpletuhin ang isang assessment ng paraan sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Services Australia:

ServicesAustralia.gov.au/Aged-Care-Calculation-Your-Cost-Care.

Kung hindi mo ibibigay ang impormasyon ng iyong kita at mga asset sa Services Australia, ang iyong mga kontribusyon ay itatakda sa pinakamataas na rate.

Dapat mong sabihin sa Services Australia sa loob ng 14 na araw ang anumang pagbabago sa iyong katayuan sa pananalapi na maaaring makaapekto sa iyong kontribusyon.

Upang makakuha ng pagtatantya ng mga kontribusyon na maaaring hilingin sa iyo na bayaran, gamitin ang Support at Home fee estimator sa **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator**.

Ang tulong sa paghihirap sa pananalapi ay maaaring makatulong sa iyo kung, sa mga kadahilanang hindi mo kontrolado, hindi mo kayang mag-ambag. Matuto nang higit pa sa **MyAgedCare.gov.au/Financial-Hardship-Assistance**.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagtatasa ng kita at asset, tawagan ang **Services Australia** sa **1800 227 475**.

Mga buwanang statement

Ang iyong provider ay kinakailangang magbigay sa iyo ng buwanang mga pahayag upang ipakita:

- kung ano ang ginastos sa mga serbisyo ng Support at Home
- ang kontribusyon at gastos para sa mga serbisyong naihatid
- ang iyong natitirang badyet para sa buwan.

Paano kung kailangan ko ng interpreter?

Kung kailangan mo ng interpreter, hilingin sa iyong provider na ayusin ito sa **Translating and Interpreting Service** (TIS National) sa pamamagitan ng pagtawag sa **131 450**. Ang TIS National ay nag-aalok ng telepono o onsite na mga serbisyo sa pagsasalin sa mahigit 150 mga wika. Ito ay walang bayad kapag nagtatrabaho ka kasama ng iyong provider sa iyong kasunduan sa serbisyo.

Ang lahat ng impormasyon sa lathalaing ito ay tama mula ika-1 ng Nobyembre 2025.

Para sa tulong

Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au**.
Telepono: **1800 200 422**.

Harapan: bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book online para sa isang libreng harapang appointment para sa pangkalahatang impormasyon at suporta. Para sa mas malalim suporta, maaari kang makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroon sa inyong lugar, o gamit ang video chat. Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-To-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.